# Ano ang Substance Use Disorder?

Ang Substance Use Disorder, na kilala rin bilang adiksyon, pagkalulong, o pagkagumon, ay isang kondisyong medikal na nangyayari kapag ang regular na paggamit ng alkohol / alak o mga gamot / droga ay nagdudulot ng mapanganib at nakasisira sa sarili na pag-uugali. Tulad ng iba pang mga kondisyong medikal, maaari itong gamutin.



## Paano Makakakuha ng Tulong

- Tumawag sa amin nang walang bayad sa **1(844) 804-7500**. Substance Abuse Service Helpline 24/7.
- Bisitahin ang **SUDHelpLA.org** para sa isang detalyadong Online na Direktoryo ng Provider na nasa iba't ibang wika.
- Pumunta sa **RecoverLA.org** para sa isang mobile-friendly na mapagkukunan ng provider.

## Ano-ano ang Aking Mga Karapatan?

Kung sa tingin mo ay kwalipikado ka, ngunit tinanggihan ka, hindi pinagkalooban ng mga serbisyo, o siningil ng anumang mga bayarin, mangyaring tawagan ang Los Angeles County Substance Abuse Prevention and Control (SAPC) sa 1(888) 742-7900 at pindutin ang 7 para makapaghain ng isang reklamo. Upang matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga karapatan, pumunta sa

**http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm**

- **May mga pantulong na kagamitan at mga serbisyo** sa may kapansanan na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga dokumentong may malalaking limbag at mga alternatibong format, na magagamit mo nang walang bayad kapag iyong hiniling.
- **ATENSYON:** Kung nagsasalita ka ng ibang wika, mayroon kang magagamit na mga serbisyo ng tulong na walang bayad. Ang SAPC ay sumusunod sa naaangkop na mga batas sa karapatang sibil ng Pederal at Estado at hindi nagtatangi batay sa lahi, kulay, pambansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, o batay sa oryentasyong sekswal sa anumang paraan.

  Tumawag sa 1 (844) 804-7500 (TTY: California Relay 711).

SAPC Substance Abuse Prevention and Control
County of Los Angeles Public Health

# Ang alkohol o droga ba ay nakakahadlang?

## Ang Paggaling ay Posible

SUBSTANCE ABUSE SERVICE HELPLINE

24/7 1.844.804.7500



SAPC Substance Abuse Prevention and Control
County of Los Angeles Public Health

# 95%

**ng mga taong mayroong substance use disorder ay hindi alam kung paano nakakakuha ng tulong o kaya naman ay hindi nararamdaman na kailangan nila ng paggamot[1].**



[1] National Survey on Drug Use and Health (NSDUH)

## Nangyayari ba Ito sa Iyo?

- ☐ Nararamdaman mo ba na ang iyong paggamit ng alkohol / alak o droga ay nakakapigil o nakakagapos sa iyo o negatibong nakakaapekto sa iyong mga relasyon, trabaho, paaralan, o buhay sa tahanan o pamilya?
- ☐ Gumagamit ka ba ng mas maraming alkohol / alak o droga kaysa sa gusto mo o mahirap bang itigil o kontrolin ang iyong paggamit ng mga ito?
- ☐ Sinabihan ka na ba na dapat mong ihinto ang pag-inom o ang pagdodroga o labis na paggamit ng mga gamot, o dapat mong gawin ang mga ito nang mas madalang?
- ☐ Nakakaramdam ka ba ng pisikal na sakit o hindi maayos na pakiramdam kapag humihinto ka sa paggamit ng alkohol / alak o droga?

**Kung nilagyan mo ng tsek ang alinman sa mga kahon sa itaas, makakatulong kami!**

## SUBSTANCE ABUSE SERVICE HELPLINE

24/7 **1.844.804.7500**

**TUMAWAG ANUMANG ORAS NANG WALANG BAYAD!**

## Ano-anong Mga Serbisyo Ang Magagamit?[5]

- ✓ Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon (Early Intervention Services)
- ✓ Paggamot na Walang Ospitalisasyon (Outpatient)
- ✓ Intensibong Paggamot na Walang Ospitalisasyon (Outpatient)
- ✓ Koordinasyon ng Pangangalaga
- ✓ Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon
- ✓ Pamamahala Ng Withdrawal (Detox)
- ✓ Paggamot na Residensyal (Residential Treatment)
- ✓ Mga Programa sa Paggamot sa Opioid
- ✓ Mga Serbisyo Sa Pagbawi o Pagpapagaling
- ✓ Recovery Bridge Pabahay (Recovery Bridge Housing)[6]

## Ano Ang Mangyayari Kapag Tumawag Ako?

- Mayroon kaming isang team na nakahandang sumagot sa iyong tawag nang 24 oras sa isang araw, at 7 araw sa isang linggo.
- Tatanungin ka namin tungkol sa iyong paggamit ng alkohol o alak at/o paggamit ng droga, upang matulungan kang magpasya kung kailangan mo ng paggamot.[2]
- Tutulungan ka naming malaman mo ang iyong mga opsyon at makahanap ng isang provider na nakakatugon sa iyong mga partikular na pangangailangan.[2]
- Pananatilihin naming ligtas ang iyong impormasyon at kumpidensyal.

[2] Mayroong mga serbisyo upang matugunan ang iyong pangangailangan sa wika, kultura, lokasyon, at iba mo pang kagustuhan sa serbisyo. Sa ilang mga kaso, ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaari ring tumawag sa ngalan ng isang menor de edad na nangangailangan.

[3] Ang katayuan sa imigrasyon ay hindi ibinabahagi at pinananatiling kumpidensyal.

## Karapat-Dapat o Kwalipikado Ba Ako?

Ang mga kabataan at adulto, anuman ang katayuan sa imigrasyon[3] ay maaaring makaakses nang walang **gastos**[4] ng mga serbisyo sa paggamot sa adiksyon (substance abuse) sa alinmang provider na nasa network kung natutugunan mo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ikaw ay residente ng Los Angeles County; at Ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal[4] o iba pang piling mga programa na pinondohan ng County. Ang mga kabataan at adulto na may agarang medikal na pangangailangan ay maaaring makakuha ng tulong sa pangangalagang medikal kung walang kakayahang makabayad ng naturang pangangalaga.

[4] Maaaring kailanganin ang isang share-of-cost o bahagi sa gastos para sa ilang indibidwal na kwalipikado sa Medi-Cal.

[5] Ang ilang mga serbisyo at paggamot ay nangangailangan ng paunang pahintulot para sa mga kwalipikadong kabataan at adulto.

[6] Ang mga serbisyo ng Recovery Bridge Housing ay para sa may edad na 18 taon at pataas.